

SALT & LIGHT

PAGPAPAKILALA SA LAYUNIN NG KAHARIAN NG DIYOS

ISANG DEBOSYONAL PARA SA 8 ARAW NA PAG-AARAL

MULA SA *LINGGO NG PALASPAS* HANGGANG SA *LINGGO NG MULING PAGKABUHAY*

MARSO 28–ABRIL 4, 2021

SALT & LIGHT

PAGPAPAKILALA SA LAYUNIN NG KAHARIAN NG DIYOS

Isang debosyonal para sa 8 araw na pag-aaral
na magsisimula sa Linggo ng Palaspas hanggang
sa Linggo ng Muling Pagkabuhay

Marso 28–Abril 4, 2021

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng Victory. Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Victory.

Ang lahat ng mga katagang binigkas ng mga kilalang indibidwal
o organisasyon ay isinalin sa Filipino.
Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit ay mula sa
Ang Salita ng Diyos® (ASND®) Copyright © 2010, 2014 ng Biblica Inc.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

May pahintulot ang lahat ng mga lokal na iglesya na ipakopya ang lathalaing
ito para sa kanilang paggamit.
Ito ay hindi ipinagbibili.

victory.org.ph

Nilalaman

Panimula 1

Day 1: Ang Makatwirang Hari 4

Day 2: Ang Probisyon ng Hari 8

Day 3: Ang Kapatawaran ng Hari 12

Day 4: Ang Pagpapagaling ng Hari 16

Day 5: Ang Tagumpay ng Hari 20

Day 6: Ang Karangalan ng Hari 24

Day 7: Ang Kapangyarihan ng Hari 28

Day 8: Ang Haring Muling Nabuhay 31

Panimula

Ito ang ikalawang pagkakataon na ginunita ng buong mundo ang Semana Santa sa panahon ng pandemya na dulot ng coronavirus. Noong nakaraang taon, nang biglaang ideklara ang *lockdown*, hindi natin inisip na ganito pa rin ang magiging sitwasyon ngayong 2021. At bagama't nagpapasalamat tayo na binigyan tayo ng Diyos ng kakayahan na magtiyaga at magtiis, alam natin na sa gitna ng lahat na mga pinagdaanan natin, ang muling pagpasok ng Semana Santa ay hindi naging madali. Maraming nawala sa atin, naranasan natin ang sakit at kamatayan, kasama na ang pagkamatay ng marami nating pag-asa at pangarap. Sa ating mga puso, lahat tayo ay naghahangad na sana ay bumalik na ang lahat sa dati.

Bagama't hindi pa natin maisip kung paano magtatapos ang pandemyang ito, ang pagtatapos ng mundo ay matagal nang ipinaalam sa atin. Maraming propeta ang nagyahag at nagsabi ng pagdating ng Tagapagligtas libu-libong taon na ang nakaraan. Ang libro ni Isaias, na minsan ay tinatawag na panlimang ebanghelyo, ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa pagdating ng isang Makatwirang Hari at isang Nagdurusang Lingkod. Ang maaaring hindi naunawaan ni Isaias ay iisa lamang sila, at nakita ang katuparan nito sa katauhan ng Panginoong Jesu-Cristo. Hindi naunawaan ng mga tao noong panahong ibinigay ni Isaias ang propesiya at ng mga disipulo na sumunod kay Jesus ang kahulugan ng lahat ng ito: Makatwirang Hari? Nagdurusang Lingkod? Pahiwatig ng muling pagkabuhay? Sino ang makakagawa nito at bakit ito kailangang mangyari?

Ang kagandahan para sa atin ngayon ay magagawa nating lumingon. Alam natin ito at tayo ay naniniwala: Dumating si Cristo. Namatay si Cristo. Nabuhay muli si Cristo. At magbabalik si Cristo.

Ang linggong ito ay katuparan ng lahat ng ibinigay na propesiya tungkol sa Tagapagligtas, at lahat sila ay tumutukoy kay Cristo. Ang krus ni Cristo ay nagpapanumbalik at tumutubos sa lahat ng inaasahan natin. At nang makita ng mga disipulo ang muling pagkabuhay ni Cristo, ang kanilang pag-asa at pananampalataya ay bumangon din mula sa kamatayan.

Sa pamamagitan ng debosyonal na ito, sa susunod na walong araw, pag-iisipan natin ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Cristo ayon sa mga propesiya ni Isaias at sa mga nakita at naranasan ni Mateo. Ayon sa mga nalalaman natin tungkol kay Mateo, lumaki siya nang may kaalaman sa mga propesiya ni Isaias, dahil binibigkas at tinutukoy niya ang mga ito.

Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo ay namamahala bilang Hari ng isang kaharian na walang hanggan. Siya ang Makatwirang Hari at ang Nagdurusang Lingkod na sinasabi ni Isaias. Ang katotohanan ay kailangang magbago ng ating mga isipan, at mangyayari lamang ito habang isinasa-isip natin ang ating Hari at ang Kanyang layunin. Hindi natin pinaglilingkuran ang sanggol na si Jesus na nanatili sa isang sabsaban o kaya ay si Jesus na namatay sa pagkakapako sa krus. Hindi tayo nabubuhay sa takot sa kadiliman o kamatayan, na ang pinanghahawakan lamang ay mga kaugalian o pamahiin.

Si Jesus nga ay pumarito bilang isang sanggol at Siya nga ay nagdusa sa krus. Ngunit hindi na natin muling binibigyang buhay ang Kanyang pagdurusa at kamatayan. Tinanggap na natin ang ginawa Niya para sa atin at nakikipag-ugnayan tayo sa Kanya bilang ang Hari na Nabuhay Muli. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay at paglilingkod, nakikita natin ang ilan sa mga larawan ng paparating na kaharian. Sa Kanya, ang probisyon, kapatawaran, kagalingan, kalayaan, at tagumpay ay maaari nating matanggap ngayon.

Hindi tayo nabubuhay sa isang panahong walang katiyakan. Wala nang mas may katiyakan pa maliban sa muling pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo at ng Kanyang kaharian. Nang ipahayag ni Jesus na dapat tayong magsisi dahil *"malapit na ang paghahari ng Diyos"* (Mateo 4:17), nagsimula Siyang mangaral tungkol sa pabaligtad na kaharian at sa naiibang paraan ng pamumuhay na magbubunga ng pagsulong ng Iglesya sa lahat ng sulok ng mundo. Ngayon, higit sa anumang panahon, ang Iglesya ay dapat na magpahayag ng katiyakang ito: Dahil sa muling pagkabuhay ni Cristo, mayroong katiyakan ang ating tagumpay at pag-asa. Ang ating Hari ang namamahala sa lahat. Siya ay muling nabuhay.

Simula sa Linggo ng Palaspas hanggang sa Linggo ng Muling Pagkabuhay, sama-sama tayong maglakbay at ikalugod natin ang pamumuhay nang may pag-asa at tagumpay, na napasaatin sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Haring Jesus. Habang lalo natin Siyang nakikilala, mas lalo tayong magbabago sa pamamagitan Niya. Dahil dito, magagawa nating maging asin at ilaw na tinawag Niya dito sa madilim, nakakabagabag, at makasalanang mundo.

> *13"Kayong mga tagasunod ko ang nagsisilbing asin sa mundo. Ngunit kung mag-iba ang lasa ng asin, wala nang magagawa para ibalik ang lasa nito. Wala na itong pakinabang kaya itinatapon na lang at tinatapak-tapakan ng mga tao. 14Kayo ang nagsisilbing ilaw sa mundo. At ito ay makikita nga tulad ng lungsod na itinayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitago. 15Walang taong nagsindi ng ilaw at pagkatapos ay tatakpan ng takalan. Sa halip, inilalagay ang ilaw sa patungan upang magbigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay. 16Ganoon din ang dapat ninyong gawin. Pagliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa mga tao, upang makita nila ang mabubuting gawa ninyo at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit."* **MATEO 5:13–16**

DAY 1 | MARSO 28

Ang Makatwirang Hari

BASAHIN **Isaias 11:1–9 • Mateo 1:5–6, 21 • Mateo 21:1–11**

> *[1]Ang maharlikang angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David. [2]Mananatili sa kanya ang Espiritu ng* PANGINOON *at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpaplano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa* PANGINOON. **ISAIAS 11:1–2**

PAG—ISIPAN

Nang salubungin ng mga mamamayan ng Diyos si Jesus noong Linggo ng Palaspas, mayroon silang pinananabikan. Sabik na silang maka-lagpas sa kanilang sitwasyon. Sabik na silang makalaya mula sa pamumuno ng mga Taga-Roma. Sabik na silang makalaya sa kadiliman. Ito ang dahilan kung bakit sinalubong nila si Jesus. Siya ang Hari na inaasahan nila.

Ito ang isang bagay na naramdaman nila na naipasa sa maraming henerasyon. Maging noong panahon ni Isaias, pinahintulutan ng Diyos na pamahalaan ng Assyria at Babilonia ang Kanyang mga mamamayan, bilang paghatol sa kanila. Dahil matigas ang ulo ng Kanyang mga mamamayan sa kanilang kasalanan, hinatulan sila ng Diyos upang makabalik sila sa Kanya, at taliwas sa karaniwang inaasahan, ang paghatol na ito ay nagbigay sa kanila ng pag-asa. Subalit hindi paghatol ang huling salitang binanggit ng Diyos. Sa gitna ng paghatol na ito, nagbigay si Isaias ng propesiya tungkol sa kinabukasang puno ng pag-asa: may darating

na mula sa *maharlikang angkan ni David.* Ang propesiyang ito ay tumutukoy sa hari na magmumula sa angkan ni David at magpapalaya sa mga mamamayan ng Diyos mula sa pang-aapi. Bagama't si Jesus ang hari na inaasahan at pinananabikan nila, hindi Siya ang uri ng hari na inaakala nila. Tunay ngang si Jesus ang Makatwirang Hari. Subalit Siya rin ang Nagdurusang Lingkod.

Ang katotohanan ay hindi tayo naiiba sa mga tao na sumalubong kay Jesus noong Linggo ng Palaspas. Tayo rin ay sabik sa pagdating ng taong magliligtas sa atin mula sa ating mga pagsubok at paghihirap. Gaya ng inaasahan, marami sa atin ang umasa kay Jesus para sa ating kalayaan. Subalit hindi Siya ang hari na inaakala natin.

Sa paglalakbay natin ngayong linggo, makikita natin ito sa Kasulatan. Siya ay isang makapangyarihan at makatwirang Hari na hindi sinubukang takasan ang pagdurusa. Siya ang Nagdurusang Lingkod na piniling pagdaanan ang pagdurusa natin. Si Jesus, ang ating Hari, ay hindi pumasok sa Jerusalem na sakay ng isang kabayo (isang hayop na ginagamit sa digmaan). Sa halip, pinili Niyang pumasok na nakasakay sa isang asno (isang hayop na ginagamit upang magbuhat ng mga bagay). Ang hari na nakasakay sa kabayo ay darating upang manakop. Samantala, si Jesus ay dumating upang maglingkod.

Ang ginagawa Niyang pagliligtas ay ayon sa Kanyang itinakda, at hindi sa inaakala natin. Sa kabuuan ng Kanyang buhay, binigyan Niya tayo ng mga larawan ng Kanyang kaharian. Sa halip na gutom, nagkaloob Siya ng probisyon at pinarami ang tinapay. Sa halip na kasalanan at paghatol, nagdala Siya ng kapatawaran at pagtubos. Sa halip na sakit at pagdurusa, kagalingan at pagpapalaya. Sa halip na pang-aapi, kalayaan at tagumpay. Sa halip na kadiliman, liwanag at buhay. Sa halip na kamatayan, muling pagkabuhay at pagkaluwalhati.

Nawa ay sama-sama nating tanggapin si Cristo hindi lamang bilang ang ating karapat-dapat na Hari, kundi pati rin sa paraang nararapat ayon sa Kanya.

Si Jesus ang Makatwirang Hari.
Ngunit Siya rin ang Nagdurusang Lingkod.

TUGUNAN

1. Ano ang mga kaisipan, paniniwala, at kaugalian ang nakasanayan mo nang isipin o gawin tuwing Semana Santa? Paano ito nagbago sa paglipas ng panahon? Ano ang inaasahan mong mangyayari ngayong linggo habang pinag-iisipan mo ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Cristo?

2. Anong mga salita at parirala ang tumatak sa iyo habang binabasa mo ang Isaias 11:1–2? Ano sa palagay mo ang naisip o nakita ni Isaias nang isulat niya ang propesiyang ito? Paano tinupad ni Jesus ang propesiyang ito?

3. Sa iyong palagay, anong uri ng Hari si Jesus? Sa paanong paraan mo Siya nais na makatagpo ngayong linggo? Tinatawag tayo ni Jesus na maging asin at ilaw ng mundo. Paano makikita ang kaharian ng Diyos sa buhay mo, katulad ng ginawa ni Jesus dito sa lupa?

DAY 2 | MARSO 29

Ang Probisyon ng Hari

BASAHIN **Isaias 43:15–21 • Mateo 14:15–20**

> *15 Nang gumagabi na, lumapit kay Jesus ang mga*
> *tagasunod niya at sinabi, "Nasa ilang na lugar po tayo*
> *at dumidilim na. Paalisin n'yo na po ang mga tao para*
> *makapunta sila sa mga nayon at nang makabili ng*
> *pagkain nila." 16 Pero sinabi ni Jesus sa kanila, "Hindi*
> *na nila kailangang umalis. Kayo ang magpakain sa*
> *kanila." 17 Sumagot sila, "Mayroon lang po tayong limang*
> *tinapay at dalawang isda." 18 "Dalhin ninyo ang mga*
> *ito sa akin," ang sabi ni Jesus. 19 Inutusan niya ang mga*
> *tao na maupo sa damuhan. Kinuha niya ang limang*
> *tinapay at dalawang isda. Tumingala siya sa langit at*
> *nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, hinati-hati niya ang*
> *tinapay at ibinigay sa mga tagasunod niya, at ibinigay*
> *naman nila ito sa mga tao. 20 Kumain silang lahat at*
> *nabusog. Pagkatapos, tinipon nila ang natirang pagkain,*
> *at nakapuno sila ng 12 basket.* **MATEO 14:15–20**

PAG—ISIPAN

Habang pinag-iisipan natin ang mga ginawa ni Cristo upang ipakita ang Kanyang pagmamahal, mabuting maalala natin na pumarito Siya hindi lamang upang mamatay para sa ating kasalanan, kundi upang itatag at pagtibayin ang Kanyang kaharian dito sa lupa. Ipinakita ng buhay ni Kristo ang kalikasan ng kaharian at ang katangian ng Hari. Ang mga katangian ng kaharian ay nanggagaling sa Hari. Dahil ang Diyos ay Makatwirang Diyos, at Prinsipe ng Kapayapaan, ang Kanyang kaharian ay kakikitaan ng *matuwid na pamumuhay, magandang relasyon sa isa't isa, at kagalakan na mula sa Banal na Espiritu* (Mga Taga-Roma 14:17). Ipinakilala ng Diyos

ang Kanyang sarili kay Isaias bilang isang makapangyarihang Hari na may ganap na kapangyarihan at awtoridad sa buong mundo. Si Jesus lamang ang may kapangyarihan at kakayahan na gumawa ng daan sa mga lugar na walang daan at magbigay ng nag-uumapaw na probisyon sa gitna ng mga mahihirap na sitwasyon.

Mahusay itong ipinakita ni Jesus nang pakainin Niya ang maraming tao. Dito, makikita natin na ang matematika ng Diyos ay ganap na naiiba sa matematika nating mga tao. Ang mga disipulo ay mayroon lamang limang tinapay at dalawang isda, na malamang ay tama lamang para sa limang katao. Ito ang matematika ng mundo. Subalit sa matematika ng Diyos, ang limang tinapay at dalawang isda na inilagay sa kamay ni Jesus ay higit pa para pakainin ang 5,000 katao. Mayroon pang natirang labingdalawang sisidlan na puno ng mga ito!

Ipinakita ni Jesus na mayroong nag-uumapaw na probisyon sa kaharian na labis-labis sa hangganan ng limitasyon nating mga tao. Subalit ang mas higit pa dito ay ang probisyon para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Si Jesus ay pumarito sa lupa upang magdala ng kapatawaran, hindi lamang para sa 5,000 katao, kundi para sa buong sangkatauhan. Sa panahong ito, bagama't nararamdaman natin na maraming limitasyon dahil sa kakulangan ng mapagkukunan ng yaman at mga oportunidad, isipin at pagkatiwalaan natin ang katangian ng ating Hari. Ipinakita ni Cristo na Siya ang nagbibigay ng nag-uumapaw na probisyon para sa lahat ng ating mga pangangailangan, at magagawa nating umasa sa Kanya maging sa ating pinakamalulungkot na sandali at kinalalagyan.

Si Jesus lamang ang may kapangyarihan at kakayahan na gumawa ng daan sa mga lugar na walang daan at magbigay ng nag-uumapaw na probisyon sa gitna ng mga mahihirap na sitwasyon.

TUGUNAN

1. Paano nakita sa pagpapakain ng 5,000 katao ang paraan ng pagbibigay ng Diyos ng probisyon para sa Kanyang mga mamamayan? Ano ang ipinapakita nito sa iyo tungkol sa Diyos, sa Kanyang kabutihan, at sa Kanyang banal na kakayahan?

2. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nagbigay ang Diyos ng probisyon noong ikaw ay nasa matinding pangangailangan. Ngayon, ideklara ang Isaias 43:15–21 sa pinakamahalagang sitwasyon sa buhay mo.

3. Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa pagbibigay sa kapwa? Paano mo Siya magagawang sundin? Paano ka makapagdadala ng pagbabago sa buhay ng mga nakapaligid sa iyo sa pamamagitan ng pamumuhay nang may pagkamapagbigay?

DAY 3 | MARSO 30

Ang Kapatawaran ng Hari

BASAHIN **Isaias 52:13–53:12 • Mateo 26:26–29**

> *3 Hinamak siya at itinakwil ng mga tao. Dumanas siya*
> *ng mga sakit at hirap. Tinalikuran natin siya, hinamak,*
> *at hindi pinahalagahan. 4 Ang totoo, tiniis niya ang*
> *mga sakit at mga kalungkutang dapat sana'y tayo ang*
> *dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos*
> *dahil sa kanyang mga kasalanan. 5 Ang totoo, sinugatan*
> *siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa*
> *ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay*
> *sa atin sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat*
> *niya ay gumaling tayo.* **ISAIAS 53:3–5**

PAG—ISIPAN

Naranasan mo na ba ang magdalawang isip o kaya ay mahiyang lapitan ang isang tao dahil may ginawa kang mali sa kanya? Noong bata ka, naranasan mo bang matakot na maparusahan dahil may nagawa kang pagkakamali? Dahil nahihirapan tayo at nakakagawa tayo ng kasalanan, nararamdaman natin ang ating pagkakasala, kawalan ng kakayahan, at kahihiyan kapag tayo ay lumalapit sa ating banal at dakilang Haring Jesus. Nararamdaman ito ng mga mananampalataya at mga hindi mananampalataya. Sa mga bahagi kung saan tayo pinakanahihirapan, humihingi tayo ng kapatawaran, subalit nagkakasala pa rin ulit tayo. Dahil dito, hihingi ulit tayo ng kapatawaran, mararanasan natin nang panandalian ang tagumpay, at kalaunan ay magkakasala ulit.

Ang mga tao ay maaaring tumugon sa problemang ito tungkol sa pagkakasala, takot, at paghatol sa dalawang paraan. Una, ang iba ay nagkakaroon ng pakiramdam na

hindi na sila makakalapit sa Diyos nang buo ang loob. Iniisip nila kung mahal pa sila at kung tatanggapin pa rin sila ng Diyos, o kaya ay tatalikuran na sila ng Diyos balang araw. Sa kabilang banda, ang iba naman ay wala nang pakiramdam sa kasalanan at ang kanilang mga puso ay tumigas na. Hindi nila nais na magkaganito, ngunit hindi rin nila alam kung paano puputulin ang paulit-ulit na kasalanan at kung paano maibabalik ang kanilang ugnayan sa Diyos.

Ang solusyon sa kasalanan at sa dalawang sitwasyong nabanggit ay iisa lamang: ang pagkaunawa at pagkilala sa halaga na ibinayad ni Jesus para sa ating kasalanan upang makapamuhay tayo sa Kanyang tagumpay. Inako ni Jesus ang lahat ng ating kasalanan upang hindi na natin ito pasanin. Kinuha Niya ang lahat ng kaparusahan na dapat nating matanggap—maging ang mga kasalanan na lubos tayong nahihirapan, ang ating kawalan ng pakialam, at ang katigasan ng ating mga puso. Pinatawad Niya ang lahat ng ating mga kasalanan—sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Naranasan Niya ang labis na kahihiyan sa Kanyang pagdurusa at ang kamatayan upang magawa nating humarap sa Diyos nang walang pagkakasala, paghatol, o kahihiyan. At bahagi ng bagong kasunduang ito ang pagpapatawad ng Diyos sa ating mga kasalanan at pagkalimot sa mga ito (Mga Hebreo 8:12). Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, at hindi sa ating sariling katapatan o gawa, natatanggap natin at nararanasan ang kapatawaran na binayaran Niya ng kanyang buhay na walang bahid ng kasalanan.

Sa ating pag-aalaala at pag-iisip sa mga katotohanang ito, magkakaroon tayo ng lakas ng loob na lumapit sa Diyos. Ang ating puso ay mapupuno ng pasasalamat at pagsamba. Kung pag-iisipan natin ang kahihiyan, pagdurusa, at kamatayan na tiniis ni Cristo para matanggap natin ang kapatawaran, ang ating mga puso ay lalambot tungo sa Kanya. Hindi tayo susuko kapag nahihirapan tayong

labanan ang kasalanan, at sa halip ay magkakaroon tayo ng kakayahan na talikuran ito. Sa Kanyang biyaya, maipapakita pa natin ang Kanyang pagmamahal sa iba at mapapatawad natin ang mga nagkasala sa atin.

Inako ni Jesus ang lahat ng ating kasalanan
upang hindi na natin ito pasanin.

TUGUNAN

1. Sa dalawang uri ng tugon na ipinaliwanag dito, ano ang mas nararanasan mo? Paano lumalago ang pagkakaunawa mo tungkol sa ginawa ni Jesus sa krus para sa iyo? Paano nito maaapektuhan ang araw-araw mong pamumuhay?

2. Balikan ang maituturing mo na pinakamalaking kasalanang nagawa mo. Naniniwala ka ba na pinatawad na ni Jesus ang iyong mga kasalanan, kabilang na ito? Maglaan ng oras upang pag-isipan ang halaga na ibinayad ni Jesus para sa iyong kasalanan. Ipanalangin na magawa mong mamuhay sa Kanyang tagumpay, awa, at biyaya.

3. Isipin ang isang ugnayan na mayroon ka na kailangang maipanumbalik. Ito ay maaaring kapamilya, kaibigan, o kaya ay isang taong nakausap mo online. Ano ang nararamdaman mo tungkol sa ugnayang ito? Handa ka bang magpatawad at magpakita ng kabutihan? Ano ang magagawa mo tungkol dito ngayon upang makapagdala ng kagalingan at kapayapaan?

DAY 4 | MARSO 31

Ang Pagpapagaling ng Hari

BASAHIN **Isaias 53:4–5 • Mateo 8:5–17**

> *4 Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga*
> *kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang*
> *akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa*
> *kanyang mga kasalanan. 5 Ang totoo, sinugatan siya dahil*
> *sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating*
> *kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin*
> *sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya ay*
> *gumaling tayo.* **ISAIAS 53:4–5**
>
> *14 Pumunta si Jesus sa bahay ni Pedro. Pagdating*
> *niya roon, nakita niya ang biyenang babae ni Pedro*
> *na nakahiga at nilalagnat. 15 Hinawakan ni Jesus ang*
> *kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Bumangon*
> *siya at pinagsilbihan si Jesus. 16 Nang magtakip-silim*
> *na, maraming sinasaniban ng masasamang espiritu*
> *ang dinala ng mga tao kay Jesus. Sa isang salita lang,*
> *pinalayas niya ang masasamang espiritu at pinagaling*
> *ang mga may sakit. 17 Ginawa niya ang mga ito upang*
> *matupad ang sinabi ni Propeta Isaias, "Kinuha niya ang*
> *ating mga sakit at inalis ang ating mga karamdaman."*
> **MATEO 8:14–17**

PAG—ISIPAN

Ang Isaias 53 ay isang propesiya na nakatutok sa pagdurusa ni Jesu-Cristo sa krus at sa kabutihang maidudulot nito sa atin. Sa ika-4 na pahayag, ang orihinal na salitang ginamit para sa *sakit at kalungkutan* ay karaniwang tumutukoy sa karamdaman at sakit. Ngunit sa pahayag na ito, ginamit sila bilang isang talinghaga upang tukuyin ang mas malawak

na sakit at karamdaman, kung saan kabilang ang lahat ng pagdurusa ng tao: espirituwal, sikolohikal, emosyonal, at pisikal. Nakita na natin kung paano hinarap ni Jesus ang ating kasalanan. Ngayon, pag-iisipan natin kung paano natanggal ang ating sakit at karamdaman dahil sa Kanyang pagdurusa.

Noong inilarawan ni Mateo ang pagpapagaling na ginawa ni Jesus sa mga may sakit na lumapit sa Kanya, binigkas niya ang pahayag sa Isaias 53:4 at inilapat ito sa kanilang sitwasyon, *"Kinuha niya ang ating mga sakit at inalis ang ating mga karamdaman."* Ipinaliwanag dito ni Mateo na si Jesus ang katuparan ng propesiyang ito. Hindi lamang Niya ito tinupad sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga may sakit, kundi sa pamamagitan din ng Kanyang pagdurusa at kamatayan, na mababasa sa mga pahayag ni Isaias.

Ang sakripisyong ibinayad ni Jesus para sa kapatawaran ng kasalanan ay ang sakripisyo din na ibinayad Niya para sa ating paggaling at pagpapanumbalik. Ang kahariang itinatatag Niya ay nakikilala sa pamamagitan ng katwiran, kapayapaan (kabuuhan), at kagalakan, at ang lahat ng nasa ilalim ng Kanyang paghahari ay patuloy na mas nararanasan ang mga ito.

Bagama't ang kaharian ng Diyos ay naparito na noong dumating si Jesus, patuloy itong lumalago at ito ay magiging ganap sa Kanyang muling pagbabalik upang ipanumbalik ang lahat ng bagay ayon sa Kanyang itinakda. Sa huli, ang ating kalayaan mula sa kasalanan at ang pagiging katulad ni Cristo ay magiging ganap sa pagbabalik ni Jesus. Habang hinihintay natin ang pagbabalik ng ating Hari, maaari na nating maranasan ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, pagkakabalik sa tamang ugnayan sa Kanya, at patuloy na pagbabago upang maging mas katulad Niya.

Ganito rin sa ating pisikal na paggaling. Mararanasan natin ito nang ganap sa pagbabalik ni Cristo. Tayo ay makakaranas ng pisikal na pagbabago at matatanggap natin ang katawan na hindi nagkakasakit, hindi tumatanda, at hindi mamamatay. Sa ngayon, natitikman natin ito sa tuwing nararanasan natin ang paggaling mula sa iba't ibang pisikal na karamdaman at sakit. Lahat man tayo ay pisikal na papanaw, hindi tayo magwawakas sa kamatayan. Maranasan man natin o hindi ang paggaling ng ating mga karamdaman ngayon, sa huli, mararanasan natin ang ganap na pisikal na paggaling kapag bumalik na ang ating Hari upang ganap na itatag ang Kanyang kaharian magpakailanman.

Lumapit tayo sa Diyos nang buo ang loob para sa ating kagalingan mula sa anumang sakit o karamdaman, dala ang kaalaman na binayaran na ito ni Jesus sa krus.

Ang sakripisyong ibinayad ni Jesus para sa kapatawaran ng kasalanan ay ang sakripisyo din na ibinayad Niya para sa ating paggaling at pagpapanumbalik.

TUGUNAN

1. Anong bahagi ng buhay mo ang nangangailangan ng paggaling at pagkabuo? Mayroon ka bang ganap na pananampalataya sa salita ng Diyos at sa Kanyang kapangyarihan na pagalingin ka? Paano ka binabago ng Diyos upang maging mas katulad Niya?

2. Pag-isipan ang Mateo 8:14–17 ngayon. Ano ang sinasabi ng pahayag na ito tungkol sa kapangyarihan at kakayahan ng Diyos na magpagaling? Paano ka maaaring tumugon dito?

3. Isipin ang isang kamag-anak, kaibigan, o kapitbahay na maaaring nangangailangan ng kagalingan. Ipanalangin siya at maniwala na pagagalingin siya ng Diyos. Hingin sa Diyos ang paraan kung paano mo matutulungan ang taong ito at ang kanyang pamilya, pati na rin ang mga pagkakataon upang ipangaral ang ebanghelyo.

DAY 5 | ABRIL 1

Ang Tagumpay ng Hari

BASAHIN **Isaias 53:4–6 • Mateo 8:16–17**

> *4Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga*
> *kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang*
> *akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa*
> *kanyang mga kasalanan. 5Ang totoo, sinugatan siya dahil*
> *sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating*
> *kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin*
> *sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya*
> *ay gumaling tayo. 6Tayong lahat ay parang mga tupang*
> *naligaw. Bawat isa sa atin ay gumawa ng nais nating*
> *gawin. Pero siya ang pinarusahan ng* PANGINOON *ng*
> *parusang dapat sana ay para sa ating lahat.* **ISAIAS 53:4–6**
>
> *16Nang magtakip-silim na, maraming sinasaniban ng*
> *masasamang espiritu ang dinala ng mga tao kay Jesus.*
> *Sa isang salita lang, pinalayas niya ang masasamang*
> *espiritu at pinagaling ang mga may sakit. 17Ginawa*
> *niya ang mga ito upang matupad ang sinabi ni Propeta*
> *Isaias, "Kinuha niya ang ating mga sakit at inalis ang*
> *ating mga karamdaman."* **MATEO 8:16–17**

PAG—ISIPAN

Ipinahayag ni propetang si Isaias na binuhat ng Nagdurusang Lingkod ang mga *sakit at mga kalungkutan* ng Kanyang mga mamamayan. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng sakit at dalamhati, at ang bunga nitong kahinaan. Nakita natin na ito ay maaaring espirituwal, sikolohikal, emosyonal, o kaya ay pisikal.

Para sa mga nakikinig kay Isaias, ito ay pagpaparusa ng Diyos sa Nagdurusang Lingkod. Ngunit ipinaliwanag ni Isaias na aakuin ng Nagdurusang Lingkod ang kaparusahan na karapat-dapat nating matanggap. Idineklara ni Isaias na ang lingkod ay *magtatagumpay* o kaya ay magpapakita ng karunungan sa Kanyang pagdaraanan (Isaias 52:13). Bakit itinuturing na pagpapakita ng karunungan ang pagdurusa ng Lingkod? Makikita natin sa Kasulatan na ang karunungan ng Diyos ay itinuturing ng tao na kamangmangan (1 Corinto 1:18), samantalang ang "kamangmangan" ng pamamaraan ng Diyos, sa pamamagitan ng krus, ang magliligtas sa mga tao (1 Corinto 1:22–25). Inasahan ng propeta ang kakila-kilabot na sakit at pagdurusa na kailangang tiisin ng Lingkod, hindi bilang parusa sa Kanyang mga kasalanan, kundi bilang pagtanggap ng parusa na para sa mga taong nais iligtas ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga sugat na magpapahirap sa Kanya, matatanggap natin ang pagtubos, kagalingan, at tagumpay.

Ang mga tala tungkol sa ebanghelyo, gaya ng mababasa sa Mateo, ay naglalarawan kung paano tinupad ni Jesus ang propesiya ni Isaias. Ang mga ginawa Niyang pagpapagaling at pagpapalaya habang Siya ay nangangaral ay isang pagpapakita ng ebanghelyo ng kaharian. Hindi lamang Niya pinagaling ang biyenang babae ni Pedro mula sa lagnat, at ang iba pa na may sakit, marami rin Siyang pinalaya mula sa pang-aalipin at pagpapahirap ng demonyo.

Sa madaling salita, ang sakripisyo na ginawa ni Jesus bilang kabayaran sa kapatawaran ng kasalanan ay naging kabayaran din para sa ating paggaling at pagpapanumbalik. Bilang karagdagan, ito rin ang sakripisyo na nagbigay sa atin ng tagumpay laban sa espirituwal na pagpapahirap.

Ang pang-aapi ng demonyo o ang pagpapahirap ng masasamang espiritu ay nangangahulugan ng pagiging nasa ilalim ng impluwensya ng demonyo, na maaaring maliliit

na pang-aabala hanggang sa pangingibabaw sa isipan at katawan, kung kaya't ang inaapi ay nakakaranas ng labis na paghihirap. Maaaring makita ang pagpapahirap na ito sa iba't ibang paraan, gaya ng hindi maintindihang takot at pagkabalisa, pagnanasa at kabuktutan, hindi mapigilang galit at poot, matagal na panahong pananamlay, paulit-ulit na adiksyon, at iba pa. Ang mabuting balita ay sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus, napalaya na tayo mula sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway. Batay sa kalubhaan ng pagpapahirap, maaaring kailangan ang tulong ng komunidad ng iglesya para sa pananalangin. Sama-sama tayong naniniwala na sa pamamagitan ng awtoridad ng pangalan ni Jesus at kapangyarihan ng Banal na Espiritu, mararanasan natin ang kalayaan mula sa anumang impluwensya ng demonyo.

Sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus, napalaya na tayo mula sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway.

TUGUNAN

1. Sa iyong palagay, bakit iba-iba ang nagiging tugon ng mga tao sa espirituwal na mundo? Ano ang pinaniniwalaan mo tungkol dito? Balikan ang isang pagkakataon kung kailan naunawaan mong may impluwensya ng demonyo sa iyong buhay, at nakaranas ka ng kalayaan. Paano mo naranasan ang espirituwal na kalayaan?

2. May bahagi ba ng buhay mo kung saan sa palagay mo ay nakakaranas ka ng panggugulo o pagpapahirap mula sa kaaway at nararamdaman mo na hindi mo malayang mapagsilbihan si Jesus? Naniniwala ka ba na si Jesus ay may ganap na awtoridad dito? Sino ang kakausapin mo tungkol dito?

3. Ano ang panalangin at pananampalatayang ipinahahayag mo para sa iyong komunidad? Paano mo mapag-iisipan ang awtoridad at tagumpay ng Hari sa lahat ng bahagi ng iyong buhay?

DAY 6 | ABRIL 2

Ang Karangalan ng Hari

BASAHIN **Isaias 53:10–12 • Mateo 27:45–54**

> *10Pero kalooban ng PANGINOON na saktan siya at*
> *pahirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng*
> *Panginoon para mabayaran ang kasalanan ng mga*
> *tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap*
> *siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay*
> *matutupad ang kalooban ng PANGINOON. 11Kapag nakita*
> *niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya.*
> *Sinabi ng PANGINOON, "Sa pamamagitan ng karunungan*
> *ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing*
> *niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga*
> *kasalanan. 12Dahil dito, pararangalan ko siya katulad*
> *ng mga taong tanyag at makapangyarihan dahil*
> *ibinigay niya ang buhay niya. Ibinilang siya na isa sa*
> *mga makasalanan. Nagdusa siya para sa maraming*
> *makasalanan at hiniling pa niya sa Diyos na sila'y*
> *patawarin."* **ISAIAS 53:10–12**

PAG—ISIPAN

Ang pahayag na ito sa Isaias ay nagdala sa atin sa sukdulan ng pagdurusa ng Lingkod, ang masaktan at pahirapan ayon sa kalooban ng Diyos. Kahit na hindi Siya nagkasala, ang paghihirap na natanggap Niya mula sa mga kamay ng Panginoon ay ang pinakadakilang pagpapakita ng Kanyang biyaya, dahil sa pamamagitan nito, Siya ang naging kapalit ng lahat ng lumabag sa kautusan ng Diyos. Ipinakita ni Isaias na ginawa ito ng Lingkod bilang isang *tagapamagitan*, kung saan kinakailangang gumawa ng sitwasyon upang magkaharap ang dalawang partido na hindi nagkakaunawaan, na may layuning mamagitan sa kanila

upang sila ay magkasundo. Tinupad ito ng ating Panginoong Jesu-Cristo sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap at kamatayan sa krus, at tinutupad pa rin Niya ito hanggang sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng Kanyang ginagawa bilang Punong Pari sa kanang kamay ng Ama, kung saan patuloy Siyang namamagitan para sa atin (Mga Hebreo 7:25). Tayo ay may katiyakan na ang Diyos ay may kakayahan na iligtas nang ganap ang sinumang lalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Dahil pinabanal ng Lingkod ang Kanyang sarili, matatanggap Niya hindi lamang ang Kanyang kasiyahang makita ang pagiging banal ng mga dapat na makatanggap ng paghatol, kundi Siya rin ay ihahayag na hindi nagkasala at pararangalan ng Panginoon. Ang Lingkod ay may katiyakan na matapos ang Kanyang paghihirap, mapapatunayan kung sino talaga Siya. Kahit noong ibinigay na ni Jesus ang Kanyang huling hininga, ang sundalong nasa paanan ng krus ay hindi napigilang sabihin na *"Totoo ngang siya ang Anak ng Diyos!"* (Mateo 27:54). Ang matagumpay na mandirigmang ito ay nakakuha ng yaman sa labanan na hinati-hati at ibinigay Niya sa mga kasama Niyang nakipaglaban. Inihayag ni Pablo sa Mga Taga-Filipos 2:8–10 na dahil *nagpakumbaba Siya* at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan sa krus, ang pinakanakakahiyang paraan ng pagkamatay para sa mga masasamang kriminal sa emperyo ng Roma, *itinaas siyang lubos ng Diyos at binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo, upang ang lahat ng nasa langit at lupa, at nasa ilalim ng lupa ay luluhod sa pagsamba sa kanya. At kikilalanin ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikapupuri ng Diyos Ama.*

Si Jesus ang Nagdurusang Lingkod, tinanggalan ng karangalan at pinahiya. Subalit sa huli, dahil sa Kanyang pagmamahal at sakripisyo para sa atin, matatanggap ni Jesus ang pinakamataas na karangalan. Ang mga naniniwala sa Kanya ay maaari ring makibahagi sa Kanyang pagdurusa at sa Kanyang karangalan, at bilang mga asin at ilaw ng

mundo, magagawa nating ipakita at ipalaganap ang Kanyang karangalan saan man tayo pumunta.

Dahil sa Kanyang pagmamahal at sakripisyo para sa atin, matatanggap ni Jesus ang pinakamataas na karangalan.

TUGUNAN

1. Ano ang sinabi ni Isaias tungkol sa Nagdurusang Lingkod sa Isaias 52:13–53:12? Paano naapektuhan ng pag-ako ni Jesus sa ating kaparusahan ang pananaw mo tungkol sa pagmamahal ng Diyos at sa saloobin Niya sa kasalanan?

2. Ano ang ibig sabihin ng pakikibahagi sa pagdurusa ni Cristo? Paano mo mapapalakas ang loob ng mga nakakaranas nito ngayon? Ano ang gantimpala ng pagdurusa ni Jesus, at paano tayo makikibahagi sa Kanyang karangalan?

3. Ano ang nararapat na tugon sa kaalaman na palaging namamagitan si Jesus para sa iyong kapakanan at Siya ay *binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo*? Paano nito maaapektuhan kung paano ka nagbabahagi sa iba tungkol sa Kanya?

DAY 7 | ABRIL 3

Ang Kapangyarihan ng Hari

BASAHIN **Isaias 9:2 • Isaias 60:1–3 • Mateo 4:14–16**

> *Nabubuhay sa kadiliman ang mga tao roon, ngunit makakakita sila ng matinding liwanag. Kahit nasa kadiliman sila at natatakot mamatay, maliliwanagan sila.* **ISAIAS 9:2**

PAG—ISIPAN

Ang kadiliman ay karaniwang iniuugnay sa labis na kalungkutan. Tuwing taglamig, ilang buwan din sa isang taon na nakakaranas ang mga nasa pinakahilagang mga bayan sa mundo ng maiikling araw at mahahabang gabi. Dahil dito, marami sa mga nakatira sa mga bayang ito ang nakakaranas ng pagbabago sa kanilang kalooban na nagdudulot ng kalungkutan, kawalan ng pag-asa, at pananamlay.

Ang taong 2020 ay isang malaking hamon sa lahat sa iba't ibang antas. Ang epekto ng COVID-19 ay mailalarawan bilang madilim—isang anino ng kamatayan na tumakip sa buong mundo. Subalit nagkakaroon lamang ng isang anino kapag may humarang sa nagbibigay ng liwanag, tulad ng nangyayari tuwing may eklipse ng araw. Ayon sa nakagawian, ang *Black Saturday* ay itinuturing na isang napakalungkot na araw dahil "patay si Jesu-Cristo." Sa katotohanan, hindi kayang magtagumpay ng kamatayan laban kay Cristo—ito ay isang anino lamang na panandaliang tumakip sa ilaw ng mundo: si Jesus!

Ang kadiliman ay hindi kailanman mangingibabaw laban sa liwanag, dahil kahit ang napakaliit na ilaw mula sa isang maliit na posporo ay nagtataboy ng kadiliman sa paligid. Ito ang larawan ng krus. Ito man ay magmukhang imahe

ng pagkatalo at kamatayan, sa katotohanan, ito ay simbolo ng tagumpay ng Diyos na tumalo sa kapangyarihan ng kamatayan at kasalanan. Si Jesus, ang ilaw ng mundo, ay dumating hindi lamang upang hawiin ang kadiliman na bumabalot sa mundo, kundi maging ang kadiliman na nagtatangkang pumalibot sa iyo ngayon.

Nang makita si Jesus ng mga dalubhasa sa pag-aaral ng mga bituin, ang una nilang tugon ay lumuhod sa Kanyang harapan, dahil naunawaan nila na ang maliwanag na bituin sa langit na nagsilbing gabay nila ay tila walang taglay na liwanag kung ihahambing sa ilaw na ipinadala ng Diyos. Pupuntahan ka ni Jesus sa iyong pinakamalalim na kadiliman, iyan man ay takot, pagkabalisa, o kawalan ng pag-asa. Sa Kanyang liwanag, makikita natin ang kalakasan na magpatuloy habang binabago ni Cristo ang ating takot at ginagawa itong pananampalataya, ang ating kawalan ng pag-asa ay napapalitan ng pag-asa, at ang ating pagkabahala ay tumatahimik dahil sa Kanyang pagmamahal.

Dahil sa kapangyarihan ng Diyos na tumalo sa kadiliman, tayo ay nagkakaroon ng kakayahan na makagawa ng kabutihan sa iba bilang mga tagapagdala ng Kanyang liwanag sa mundo.

Binabago ni Cristo ang ating takot at ginagawa itong pananampalataya, ang ating kawalan ng pag-asa ay napapalitan ng pag-asa, at ang ating pagkabahala ay tumatahimik dahil sa Kanyang pagmamahal.

TUGUNAN

1. Ano ang ibig sabihin ng "Black Saturday" para sa iyo? Paano itinuwid ng Bibliya ang pagkaunawa mo tungkol dito?

2. Sa iyong buhay o sa iyong pamilya, saang bahagi mo nararanasan ang kadiliman? Paano mo magagawang panghawakan ang katotohanan na si Jesus ang liwanag? Maglaan ng oras upang pag-isipan ang Isaias 9:2 ngayon at hingin sa Diyos na hawiin ang kadiliman sa buhay mo, sa iyong pamilya, o kaya ay sa iyong komunidad.

3. Ano ang sinasabi ng Isaias 60:1–3 tungkol sa liwanag? Paano ka magsisilbing liwanag sa kadiliman para sa iba? Ipanalangin na magliwanag ang ilaw ni Cristo sa iyong bayan at bansa.

DAY 8 | ABRIL 4

Ang Haring Muling Nabuhay

BASAHIN **Isaias 53:10–11 • Isaias 54:2–3 • Mateo 28:1–10, 18–20**

> *10 Pero kalooban ng PANGINOON na saktan siya at*
> *pahirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng*
> *PANGINOON para mabayaran ang kasalanan ng mga*
> *tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap*
> *siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay*
> *matutupad ang kalooban ng PANGINOON. 11 Kapag nakita*
> *niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya.*
> *Sinabi ng PANGINOON, "Sa pamamagitan ng karunungan*
> *ng aking matuwid na lingkod ay marami ang itituring*
> *niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga*
> *kasalanan."* **ISAIAS 53:10–11**
>
> *18 Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, "Ibinigay sa akin*
> *ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. 19 Kaya*
> *puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang*
> *mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan*
> *ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. 20 Turuan*
> *ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At*
> *tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa*
> *katapusan ng mundo."* **MATEO 28:18–20**

PAG—ISIPAN

Ipinangako ng propetang si Isaias na ang Nagdurusang Lingkod ay magkakaroon ng mga anak, at hahaba ang Kanyang buhay. Ito ay mga pahiwatig na alam na natin: ang muling pagkabuhay ng ating hari at ang paglaganap ng Kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagdidisipulo.

Ang ating Makatwirang Hari at Nagdurusang Lingkod ay hindi magtatapos sa kamatayan. Si Jesus ay hindi lamang pumarito upang magdusa at mamatay. Ang kalungkutan, pagkalito, at sakit na naranasan ng mga disipulo nang magdusa at mamatay si Jesus ay napalitan ng pag-asa at buhay sa Muling Pagkabuhay. Si Jesus ay nabuhay muli. Ang libingan ay walang laman. Dahil Siya ay buhay, at Siya ay namamahala at naghahari sa buong mundo, hindi na tayo nabubuhay nang nababalot ng pagkatalo, kadiliman, o kamatayan. Ngayon at sa bawat araw, magagawa nating maranasan at mamuhay sa Kanyang buhay.

Dahil si Jesus ay nakaupo sa kanang kamay ng Ama, ang anak na tinutukoy dito ay mga espirituwal na anak—ang mga nagdadala ng ebanghelyo ng Panginoong Jesu-Cristo sa buong mundo. Ang ipinakita ng Hari tungkol sa Kanyang kaharian ay dapat na ipakita rin natin bilang mga tagasunod Niya. Nagmamahal tayo dahil una Niya tayong minahal. Sumusunod tayo dahil ibinigay Niya ang lahat para sa atin. Dala ang awtoridad na ibinigay sa atin ni Jesus, tayo ay dapat na magdisipulo sa iba't ibang mga bayan. Dapat nating ipahayag at ipakita ang ebanghelyo saan man Niya tayo inilagay, at magtiwala na kasama natin Siya at kikilos Siya sa pamamagitan natin. Pahahabain natin ang ating mga hangganan at pupunta saan man tayo kailangan—mga lugar kung saan hindi pa naipapangaral ang ebanghelyo, kung saan hindi pa nakikilala ng mga tao si Cristo, kung saan naliligaw pa rin ang mundo.

Sa pamamagitan nating mga tinawag sa pangalan ni Cristo, ang kaharian ng Diyos (ang Kanyang pamamahala at paghahari) ay makikilala at mararamdaman. Tayo ay tinawag upang maging asin at ilaw sa mundo, at ang mundo ay makikibahagi sa kabutihang dala nito. Bilang mga taong personal na nakaranas ng kalayaan mula sa kasalanan at sumuko sa Hari, tayo ay maaaring maging mga kinatawan ng

pagpapalaya, ministro ng pakikipagkasundo, at tagapaghatid ng pag-asa.

Bilang mga taong personal na nakaranas ng kalayaan mula sa kasalanan at sumuko sa Hari, tayo ay maaaring maging mga kinatawan ng pagpapalaya, ministro ng pakikipagkasundo, at tagapaghatid ng pag-asa.

TUGUNAN

1. Ngayong alam mo na ang muling pagkabuhay ni Cristo ay tunay at ang lahat ng awtoridad ay ibinigay na sa Kanya, naniniwala ka ba na kaya ng Diyos na magdala ng tagumpay sa lahat ng bahagi ng iyong buhay? Saang bahagi mo kailangang maranasan ang muling pagkabuhay?

2. Paano dapat maapektuhan ng katotohanan ng muling pagkabuhay ni Cristo ang buhay mo araw-araw? Bakit dapat na lagi mo itong ipinagdiriwang, hindi lamang tuwing Linggo ng Pagkabuhay?

3. Ano ang tinawag tayong gawin bilang tugon sa Muling Pagkabuhay? Ano ang tugon mo sa utos ni Jesus na puntahan *ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod* Niya? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo at sa larangan ng lipunan na ginagalawan mo?

www.victory.org.ph
@victoryph